Republic of the Philippines
BANGSAMORO AUTONOMOUS REGION IN MUSLIM MINDANAO
**MINISTRY OF PUBLIC ORDER AND SAFETY**
Givfrell Building, Gov. Gutierrez Ave., RH 7, Cotabato City

# Transcript of MPOS Minister's Speech

| | |
|---|---|
| Title of the Activity: | **Capacity Development for Ips and Community Leaders of Maguindanao Province** |
| Date: | December 1, 2021 |
| Location: | CNX Restaurant, Cotabato City |
| Audience Demographics: | Non-Moro Indigenous Peoples (NMIP) Traditional and Community Leaders of Maguindanao Province |

Speaker: **Hon. Hussein P. Muñoz**

---

AUDHO BILLAHIMINASHAYTANIRRAJEEM.
BISMILLAHIRAHMANIRAHEEM.

*RABBI SHRAHLI SADRI, WA YASSIRLI AMRI, WAHLUL UQDATAN MIN LISAANI. YAF KAHU KAWLI. AMMA BAAD…ASSALAMU ALAYKUM WARAHMATULLAHI WABARAKATUH!*

Sa ating butihing Regional Director ng Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region, PBGEN EDEN T UGALE, at sa kanyang entourage, sa ating Director General, Atty. Al Rashid Balt, Tribal Leaders na pinangungnunahan ni Victor Daya at sa mga kasamahan nya, sa inyo po na aming mga panauhin at dumalo sa programang ito, pahintulatan nyo po akong batiin ang lahat ng isang maganda at mapayapang umaga!

Isa rin pong pagbati at pasasalamat sa staff ng Ministry of Public Order and Safety na pinangungunahan ng ating Community Affairs Officers III ng Maguindanao, na si Rafsan Johhny Abdul at ang mga kasama nya.

Kahapon po ang Ministry of Public Order and Safety ay nagtanghal ng Peace Champions, isang hakbang sa pagpapanatili ng kapayapaan sa Bangsamoro, isa ring programa para sa pagdiriwang ng Mindano Week of Peace. Sa programa pong iyon ay pumili kami ng anim na peace advocates sa rehiyon ng BARMM. Dalawa po sa mga napili aw isang Kristiyano at isang Teduray. Pagpapatunay po na ang Ministry of Public Order and Safety at BARMM sa pangkalahatan ay taos pusong niyayakap at pinahahalagahan ang konspeto ng TRI PEOPLE. We ensure to adapt inclusivity in all our endeavors to sustain peace in Bangsamoro. Kasama po ang mga Non-Muslim Indigenous People sa programang pangkapayapaan at kaunlaran sa BARMM.

Sa panahon ng kaguluhan, bawat mamamayan sa BARMM ay maaaring mawalan ng anak, mawalan ng magulang, o mawalan ng pamilya, ng tirahan o pamayanan. Lahat po ay maaring maging biktima, Muslim ka man o Hindi. Kaya nararapat lang na ang lahat ay maging parte sa paghahanap ng solusyon towards reconciliation and unification. Kaya nagpapasalamat kami sa inyong pagtugon at pagdalo sa programang ito. Hindi lang po ito ang pagkakataon na tayoy magkakasama. This is just one of the many efforts of the Ministry recognizing your representation as EQUALS in resolving conflicts and building peace in BARMM.

Muli, isang mapayapa at masaganang umaga sa lahat.